

**Abril 1, 2026**

*Mahalagang paunawa mula sa Department of Developmental Services tungkol sa:*

# MGA SERBISYONG RESPITE (MGA SERBISYO HABANG BINIBIGYAN NG PAHINGA ANG TAGAPAG-ALAGA) GAMIT ANG PROGRAMA SA PAG-UUGALI AT PAGTATALAGA NG MGA TAUHAN – MGA INI-UPDATE NA TAGUBILIN SA PAGSINGIL

D-2026-Reporma sa Singil-003

---

## Ano ang Dapat Malaman

Iपालिलiwanag sa direktibang ito ang mga bagong patakaran sa pagsingil para sa mga provider ng mga serbisyong respite na gumagamit ng programa sa pag-uugali. Ang mga update na ito ay ginagawa dahil sa reporma sa mga singil.

Simula Mayo 1, 2026:

- Ang mga serbisyong respite na kinabibilangan ng programa sa pag-uugali o pagtatalaga ng tauhan ay dapat singilin gamit ang 862 bilang pangunahing service code.
- Kailangang isama ng mga provider ang tamang subcode batay sa kwalipikasyon ng bawat miyembro ng tauhan.
- Ang pagsingil ay dapat gawin kada oras.
- Maaari ring maningil ang mga nangangasiwang tauhan para sa parehong oras ng serbisyo, kapag ito ay naaangkop.
- Ang pangangailangan ng tao para sa serbisyong ito ay kailangang repasuhin kada anim na buwan. Kailangan itong mairekord sa kanilang IPP.

## Ano ang Magbabago

Hindi binabago ng direktibang ito kung paano tinatanggap ng mga indibidwal o pamilya ang kanilang mga serbisyo. Binabago lamang ng direktibang ito kung paano sinisingil ng mga provider ang mga regional center para sa mga serbisyong respite na kinabibilangan ng programa sa pag-uugali o pagtatalaga ng tauhan

## May mga Katanungan?

Ang mga indibidwal at pamilya na may mga katanungan tungkol sa direktibang ito ay dapat makipag-ugnayan sa kanilang service coordinator. Ang mga tagapagkaloob ng serbisyo na may mga katanungan ay dapat makipag-ugnayan sa kanilang nagbe-vendor na regional center. Dapat i-email ng mga regional center ang mga katanungan sa [ratesquestions@dds.ca.gov](mailto:ratesquestions@dds.ca.gov).

## Alamin Pa

Kung gusto mong matutunan pa ang tungkol sa reporma sa singil, mangyaring bisitahin ang website ng Department sa [Reporma sa Singil](https://www.dds.ca.gov/rc/vendor-provider/rate-reform).  
([www.dds.ca.gov/rc/vendor-provider/rate-reform](https://www.dds.ca.gov/rc/vendor-provider/rate-reform))

